

# **PATAKARAN SA PAGKOLEKTA NG MGA DELIKUWENTENG ACCOUNT NG TUBIG MARINA COAST WATER DISTRICT**

## **1.0.Pangkalahatan**

Ang Marina Coast Water District (MCWD o Distrito), bilang isang ahensya ng Estado, ay binuo bilang espesyal na distrito sa ilalim ng Batas sa Distrito ng Tubig sa County, ay pinamamahalaan sa pagsasagawa ng pagkolekta ng mga delikuwenteng account ng Code ng Pamahalaan ng California Seksyon 60370 – 60375.5. Higit pa, bilang urban o pangkomunidad na sistema ng tubig na nagsupply sa mahigit na 200 koneksiyon ng serbisyo, ang Distrito ay higit na pinamamahalaan, mula sa ayon sa batas ng Pebrero 1, 2020, ng Senate Bill No. 998.

## **Aplikasyon**

Ang Patakaran sa Pagkolektang ito ay para sa lahat ng pagkilos sa pagkolekta sa tubig at niresiklong tubig na account ng Distrito.

## **2.0.Mga Pagbabago sa Batas at Regulasyon**

Kung sakaling ang naaangkop na batas o regulasyon ay magkaroon ng mga pagbabago o kung ito man ay tinanggal, o kung magkaroon ng bagong batas o regulasyon na kailangan ipatupad, ang binago o ang bagong batas o regulasyon ay dapat, sa hangganang hindi naaayon sa Patakarang ito, ay awtomatikong mananaig sa Patakarang ito.

## **3.0. Mga Kahulugan**

“Mga Pakikipag-ayos sa Alternatibong (Amortized) Pagbabayad” ay mangangahulugang mga pakikipag-ayos na ginawa sa kahilingan ng customer, na hindi makabayad sa serbisyo ng tubig sa loob ng karaniwang panahon ng pagbabayad at natukoy ng Distrito na kailangan.

“Delinkuwenteng Account” ay mangangahulugang anumang account na nananatiling hindi bayad (at walang pag-aayos sa pagbabayad o nagtaguyod ng iskedyul ng alternatibong pagbabayad) sa pagsasara ng negosyo 30 araw matapos ang pagbigay ng singil sa tubig.

“Naantalang Pagbayad” ay mangangahulugang ang bayad na tinasa sa customer sa anumang hindi nabayaran balanse sa ika-30 araw matapos ang petsang dapat bayaran ang singil.

“Abiso sa Nakalipas na Petsang Dapat Bayaran” ay mangangahulugang nakasulat na abiso na pinadala sa koreo sa customerng Distrito para sa mga hindi bayad na balanse 30 araw na nakalipas ang petsa kung kailan dapat bayaran.

“Pagpapaubaya sa Naantalang Pag-bayad” ay mangangahulugang pagbabaubaya sa naantalang pagbayad ng Distrito, sa kahilingan ng customer, kung may mga mapapalagpas na sirkumstansiya at hindi nagtasa ang customerng bayad sa pagkahuli para sa delinkuwenteng bayad sa nakaraang 6 na buwan.

“Nakasulat na Abiso sa Pagputol” ay mangangahulugang nakasulat na abiso ng pagputol sa serbisyo para sa hindi pagbabayad na ipinadala sa koreo sa customerng Distrito para sa mga account na may 60 arawng delinkuwenteng.

“48-Oras na Abiso” ay mangangahulugang nakasulat na abiso, sa pamamagitan ng paglalagay tag sa pintuan para abisuhan ang customer ng may 48 oras bago pa man ang pagputol ng serbisyong tubig dahil hindi ito nabayaran.

“Abiso sa Disposisyon ng Tumalbog na Tseke” ay nangangahulugang abiso sa anyo ng tag sa pintuan para abisuhan ang customerng pagwawakas sa serbisyo sa loob ng 48 oras na abiso dahil sa tumalbog na tseke.

#### **4.0. Mga Pamamaraan**

Ang mga sumusunod na pamamaraan ay mailalapat sa pagkolekta ng mga delinkuwenteng account:

##### **4.1 Naantalang Pag-bayad**

Kung ang kabayaran sa singil ay hindi natanggap hanggang sa pagsasara ng negosyo sa ika-30 araw pagkatapos ng petsa na nakatakda ang pagbabayad, ang bayad sa pag-kaantala na may 10% ng nakaraang nakatakda halaga ay tatasahin. Ang petsa kung kailan nakatakda at halaga ng naantalang pagbayad ay prominenteng makikita-sa singil.

##### **4.2 Pagpapaubaya sa Naantalang Pag-bayad**

Sa kahilingan ng customer, ipauubaya ng Distrito ang naantalangpagbabayad kung may mga mapapalagpas na kaganapanat hindi nagtasa ang customerng naantalangpagbabayad para sa delinkuwenteng bayad sa nakaraang 6 na buwan.

##### **4.3 Pagpapaubaya sa Naantalang Pag-bayad sa Estado ng California**

Ang Estado ng California, dahil sa mahusay na base sa pananalapi at pagkakaiba-iba sa pagpapatibay ng badyet at mga inaatas na pamamaraan sa pagbabayad, ay hindi padadalhan ng mga abiso sa pagiging delinkuwenteng o matatasa ng naantalang pagbabayad para sa delinkuwenteng nitong pagbabayad na mga account nito.

##### **4.4 Mga Pag-aayos sa Alternatibong (Amortized) na Pagbabayad**

Ang sinumang customerna hindi makabayad sa serbisyong tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng pag-aayos sa alternatibong pagbabayad para maiwasan ang mga bayad sa pagkaantala o pagkaabala sa serbisyo. Isasaalang-alang ng Distrito ang lahat ng mga kaganapan sa paligid ng paghiling at gagawa ng determinasyon kung ang pag-aayos ng pagbabayad ay kailangan.

##### **4.4 a. Sertipikasyon ng Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga**

Sertipikasyon ng Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga (General Practitioner, Obstetrician,/Gynecologist, Pediatrician, Family Practice Physician, Primary Care Clinic, Hospital, o Outpatient Clinic) na nagpapatotoo na ang pagputol ng serbisyo ay magiging banta sa buhay omagliliikhang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang residente ng lugar kung saan nilalaan ang serbisyong tubig ay mag-oobliga sa Distrito na pumasok sa hinuhulugang planong pagbabayad.

Ang mga pag-aayos sa pagbabayad naaabotsa susunod na panahon ng pagsingil ay tinuturing na plano na hulugan, ito ay dapatnakasulat atmay lagdang customer. Ang plano ng amortisasyon ay mag-a-amortize ng balanseng hindi pa nababayaran sa panahong tinalaga ng customer, ito ay hindi lalagpasng 12 buwan mula sa orihinal na petsa ng singil. Ang naka-amortize nabayaran ay pagsasamahin, at sasailalim sa petsang nakatakda ang pagbabayad ng regular na singil sa customer. Ang customeray dapat sumunod sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon at manatiling nasa kasalukuyan dahil ang mga singil ay naiipon sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Hindi namaaaring humiling ang customerng karagdagang pag-amortize ng anumang kasunod na hindi bayad na mga singil habang nagbabayad ng mga delinkuwenteng singil alinsunod sa isang plano sa pag-amortize. Anumang kabiguansa pagsunod ng mga tuntunin ng plano ng amortisasyon ay magresulta sa pagkakaroonng nakasulat na abiso sa diskoneksiyon. Ang abiso sa diskoneksiyon ay nasa anyo ng hanger sa pintuan ito ay dinadala sa lugar nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago pa man ang paghinto ng serbisyo.

#### 4.5 Nakasulat na Abiso sa Diskoneksiyon

Hindi ihihinto ng Distrito ang serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad hangga't ang pagiging delinkuente ng customeray wala pang 60 araw. Ang Distrito ay gagawa ng makatuwirang, mabuting layuning pagsusumikap na kontakin ang customer sa pamamagitan ng sulat ng hindi bababang 7 araw ng negosyo bago ang paghinto ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad. Ang nakasulat na abiso sa diskoneksiyon ay ipadadala ng koreo sa address nanakalagaysa account. Kung ang address sa koreo at ang address ng pag-aari kung saan ang serbisyong tubig ay nilaan ay magkaiba, may pangalawang abiso ang ipapadala sa koreo sa address ng serbisyo at naka-address sa "Occupant". Kasama sa nakasulat na abiso sa pagputol ang:

- Pangalan at address ng customer
- Halagang dati nang nakatakda ang pagbabayad
- Petsa kung saan ang bayad o pag-aayos sa pagbabayad ay kailangan para maiwasan ang paghinto ng serbisyo
- Paglalarawan ng proseso para mag-apply para sa planong amortisasyon
- Paglalarawan ng proseso para itanggi o iapela ang singil
- Numero ng telepono ng distrito at web link kung saannakasulat ang patakaran sa pagkolekta ng Distrito

##### 4.5 a. Abiso sa Residensiyal na Umuupa/Umuokupa sa isang indibiduwal na Nakametrang Tirahan

Ang Distrito ay gagawa ng makatuwirang, may mabuting layuning pagsusumikap para abisuhan ang mga umuokupa, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account ng serbisyong tubig ay hindi bayad at sasailalim sa pagputol ng hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol ng serbisyong tubig. Aabisuhan ng nakasulat na abiso ang umuupa/umuokupa na may karapatan silang maging mga customer ng Distrito nang hindi inaatasang bayaran ang nakatakdang halaga sa delinkuwenteng account, sa kundisyon na payag silang akuin ang pinansiyal na responsibilidad para sa kasunod na singil sa serbisyong tubig sa address na iyon. Upang maipaubaya ang nakatakdang halaga sa delinkuwenteng account, dapat magbigay ang umuupa/umuokupa ng pagpapatotoo sa pag-upa sa anyo ng kasunduan sa pag-upa o katibayan ng mga bayad sa pag-upa.

#### 4.5 b. Abiso sa mga Umuupa/umuokupa sa Maramihang-Yunit na Complex na Sineserbisyuhan gamit ang Master Meter

Ang Distrito ay gagawa ng makatuwirang, may mabuting layuning pagsusumikap para abisuhan ang mga umuokupa, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na isasabit sa pintuan ng bawat tirahan, kapag ang account ng serbisyong tubig ay hindi bayad at sasailalim sa pagputol ng hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol ng serbisyong tubig. Aabisuhan ng nakasulat na abiso ang umuupa/umuokupa na may karapatan silang maging mga customer ng Distrito nang hindi inaatasang bayaran ang nakatakdang halaga sa delinkuwenteng account, sa kundisyon na payag silang akuin ang pinansiyal na responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa serbisyong tubig sa (mga) address na pinagsisilbihan ng master meter. Kung ang isa o higit pa sa mga umuokupa ay payag at kayang akuin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil para sa serbisyong tubig sa kasiyahan ng Distrito, o kung mayroong pisikal na paraan, ligal na magagamit ng Distrito, ng selektibong pagtatapos ng serbisyo sa mga umuokupa na hindi nakatugon sa mga kinakailangan para sa serbisyo, gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga umuokupa na nakatutugon sa mga kinakailangang iyon.

Kung ang nakasulat na abiso sa diskoneksyon ay isinauli sa pamamagitan ng koreo bilang hindi maihatid, gagawa ang Distrito ng makatuwirang, may mabuting layuning pagsusumikap na bumisita sa tirahan at mag-iwan ng abiso ng pagputol dahil sa hindi pagbayad.

#### 4.6 Apatnapu't Walong (48) Oras na Abiso sa Terminasyon

Ang Distrito ay gagawa ng makatuwirang, mabuting layuning pagsusumikap na abisuhan ang customer ng 48 oras bago pa man ang paghinto ng serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad. Ang pamamaraan ng abiso ay sa anyo ng paghahatid sa lugar at pagsabit ng hangersa pintuan.

#### 4.7 Deadline sa Pagputol

Lahat ng mga delinkuwenteng singil sa serbisyong tubig at mga kaugnay na bayarin ay dapat matanggap ng Distrito sa pagsapit ng 5:00 p.m. ng araw na nakatukoy sa nakasulat na abiso sa pagputol.

#### 4.8 Pagputol ng Serbisyong Tubig dahil sa Hindi Pagbayad

Puputulin ng Distrito ang serbisyong tubig sa pamamagitan ng pagkandado ng metro. Bago madiskunekta ang serbisyo, aabisuhan ang customer gamit ang nakasulat na abiso sa pagputol nang

hindi bababa sa 7 araw ng negosyo bago ang pagwawakas at pangalawang abiso 48 oras bago ang pagwawakas ng serbisyo. Tatawagan din ng Distrito ang customer 24 na oras bago ang pagputol sa serbisyo. Walang inaakong responsibilidad ang Distrito para sa impormasyon sa telepono na hindi napanatiling up-to-date ng customer. Sisingilin ang customer ng bayad para muling maikabit ang serbisyo. Ikakandado ang metro sa posisyong off kung ang bayad ay hindi natanggap sa loob ng 7 araw ng unang pagwawakas.

#### 4.9 Muling Pagkabit ng Serbisyo

Upang muling maibalik ang serbisyo na pinutol dahil sa hindi pagbabayad, dapat bayaran ng customer ang balanseng dati nang nakatakdang bayaran at mga kaugnay na bayarin, bayad sa muling pagkonekta na may halagang \$20.00 at ang karagdagang deposito na may halangan \$40.00 (cash o tseke lamang para sa deposito). Magsusumikap ang Distrito na muling ikonekta ang serbisyo sa panahong maisasagawa pero, sa pinakamababa, ito ay maibabalik bagomatapos-angaraw na ang bayad ay ginawa para sa anumang dati nang nakatakdang halaga at bayad sa pagiging delinkuente na maitutukoy sa pagwawakas ng serbisyo. Ang serbisyong tubig na pinagana ng sinumang tao maliban sa tauhan ng Distrito o kung ito aywalang pahintulot ng Distrito, ito ay maaaring mapatawan sumailalim sang mga multa o karagdagang singil o bayarin. Ang anumang pinsalang maganap bilang resulta ng hindi awtorisadong pagbabalik ng serbisyo ay responsibilidad ng customer.

#### 4.10 Abiso sa Disposisyon ng Tumalbog na Tseke

Sa pagtanggap ng tumalbog na tseke bilang bayad sa serbisyong tubig o ibang mga singil, ituturing na hindi bayad ng Distrito ang account. Gagawa ang Distrito ng makatwirang, mabuting layuning pagsusumikap para abisuhan ang customer sa telepono o koreo ng ukol sa tumalbog na tseke. May 48-na oras ng abiso rin ang gagawin sa pagwawakas ng serbisyo dahil sa tumalbog na tseke. Ang paraan ng abiso ay sa pamamagitan ng tawag sa telepono. Kung hindi makakontak sa telepono ang Distrito, ang mabuting layuning pagsusumikap ay gagawin para bisitahin ang tirahan at mag-iwan ng abiso sa pagwawakas sa serbisyo.

Ang serbisyong tubig ay puputulin kung ang halaga ng tumalbog na tseke at ang singil sa tumalbog na tseke ay hindi binayaran sa o bago ang petsang nakatukoy sa abiso sa pagwawakas. Lahat ng halagang binayaran para makuha ang tumalbog na tseke at bayaran ang singil sa tumalbog na tseke ay dapat cash, credit card o mga certified na pondo.

#### 4.11 Mga Tumalbog na Tseke sa Dating Nadiskonektang Serbisyo

Sakaling nagbigay ang customer ng non-negotiable na tseke para maibalik ang serbisyong tubig na dating naputol dahil sa hindi pagbabayad at binalik ng Distrito ang serbisyo, maaaring agad putulin ng Distrito ang serbisyo nang hindi naglalaan ng higit na abiso. Walang 48-oras na abiso sa pagwawakas ang ibibigay sakaling may non-negotiable na tseke ang binigay na pambayad sa mga singil sa tubig ay sumailalim sa pagputol.

#### 4.12 Hindi Pinagkasunduang Singil

Kung tinanggi ng customer ang singil sa tubig at ginamit ang karapatan nilang umapela sa Lupon ng Mga Direktor, hindi puputulin ng Distrito ang serbisyong tubig sa hindi pagbabayad habangmay nakabinbin pang mga apela.

#### 4.13 Diseminasyon ng Impormasyon

Ibibigay ng Distrito ang impormasyong ito sa Mga Customerng Distrito ayon sa SB 998, kabilang ngunit hindi limitado sa pag-post sa website ng Distrito at pagbibigay ng mga abiso na kailangan sa ilalim nito sa mga inaatas na wika.